BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Setyembre 2025

# Impormasyon para sa poultry workers kapag kompirmado na may avian influenza

## Ang avian influenza at ang kalusugan ng tao

### Ang mga manggagawa sa farms sa British Columbia (BC) ay maaaring málapit sa avian influenza sa kanilang trabaho

- Ang farms sa BC ay paminsan-minsang may mga ibon na nagkakasakit sa isang virus na tinatawag na bird flu, o avian influenza.
- Maaaring hindi nalalaman ng mga manggagawa na sila'y nalantad sa virus kapag may hinawakan silang mga ibon na may sakit o na patay, o kapag sila'y nagtratrabaho sa isang farm na may impeksyon.
- Sa virus na ito, ang mga tao paminsan-minsan ay maaaring magkasakit nang husto at magkaroon ng mga sintomas tulad ng lagnat, pananakit ng ulo, at ubo.
- Ang masks, mga guwantes, protective eyewear, at kasuotan ay nagbibigay ng mabuting proteksyon. Laging isuot ang mga ito habang nagtratrabaho sa isang farm.

### Ang awtoridad sa kalusugan ay inuutusang mag-follow up sa mga manggagawa sa farm kapag kompirmado ang bird flu sa isang farm

- Kokontakin ka ng public health (pampublikong kalusugan) sa telepono o sa text.
- **Ang lahat ng iyong impormasyon ay pananatilihing pribado.**
  - Hihilingin ng awtoridad sa kalusugan na makipag-usap sa iyo sa telepono nang hanggang 30 minuto.
  - Kung ang farm ay nasa Fraser Health, padadalhan ka ng link na may mahalagang impormasyon tungkol sa kalusugan. Ang iyong tawag sa telepono ay magiging mas maigsi kung rerebyuhin mo muna ang online na impormasyon.
  - Nais gawin ng awtoridad sa kalusugan ang sumusunod:
    - Siguraduhing mabuti ang iyong pakiramdam.
    - Siguraduhing nalalaman mo kung ano ang gagawin kapag ikaw ay nagkasakit.
    - Para sa ilang mga tao, mag-aalok sila ng gamot (pildoras) na makakatulong na maiwasan at labanan ang impeksyon.
    - Ang ilang mga tao ay maaaring gumawa ng maiikling health checks sa telepono bawat ilang araw para sa mga 10 araw.
  - Ito ang ilan sa mga tanong na maaaring tanungin ng awtoridad sa kalusugan sa unang pagtawag sa telepono:
    - Kailan ka ba nagtrabaho sa lugar kung saan may natuklasang bird flu?
    - Anong klaseng trabaho ang ginawa mo sa lugar na iyon?
    - Anong klaseng mask, guwantes, protective eyewear at panakip sa damit ang ginamit mo?

### Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon

- Avian influenza (bird flu) | HealthLink BC

